Mga Katangian ng Programa

- Walang kolateral na pautang para sa agri-fishery production.
- Ang mga karapat-dapat na manginabang ay mga maliliiit na magsasaka at mangingisda.
- Ang pinakamataas na loan amount ay P50,000 para sa mga madali anihin o short term crops o commodities at P150,000 para sa mga high value crops at matagal anihin o long gestating crops batay sa project requirement at kakayahang magbayad ng humiram.

TANDAAN: Isa-isa lang sa bawat tahanan ang maaaring makinabang sa pautang. Maaaring binubuo ang bawat tahanan ng ama, may-bahay o miyembro ng pamilya na nagtatrabaho.

- Ang antas ng interes ay anim na porsyento bawat taon (6% per annum) o 0.5 na porsyento bawat buwan. Ang interes ay hindi muna ibabawas sa inutang.
- Ang loan maturity ay mula dalawa hanggang sampung taon batay sa proyekto.
- Anim na porsyentong loan interest per annum na hindi muna ikakaltas
- Isandaang porsyentong (100%) loan insurance coverage mula sa Philippine Crop Insurance Corp. (PCIC). Saklaw nito ang insurable agri-fishery commodities.

TANDAAN: Ang magsasaka ay inaasahan na mag-enrol ng utang sa PCIC para sa insurance coverage. Ang loan insurance coverage ng PCIC para sa mga maliliit na magsasaka at mangingisda sa PLEA Program ay LIBRE.

- Hindi na kinakailangan ang bagong Character o Background Investigation (CI/BI) upang muling makinabang sa pautang.

- Bangko ng kooperatiba, mga kooperatiba, samahan ng mga magsasaka at mangingisda at non-government organizations (NGOs) bilang lending conduit.

Paunang Kailangan Para sa Pag-aplay bilang Lending Conduit

1. Letter of intent/Pag-aplay para mapondohan

Tatanggap ng sulat:

JOCELYN ALMA R. BADIOLA, Executive Director
Agricultural Credit Policy Council (ACPC) or
EMMANUEL F. PIÑOL, Secretary, Department of Agriculture

2. Resolusyon mula sa lupon (Board resolution) na nagpapahintulot sa kooperatiba, samahan o NGO na mag-apply bilang Lending Conduit at nagtatalaga ng mga pinapahintulutang pumirma o makipagkasundo sa ACPC.

3. Liham pagsang-ayon mula sa ahensya ng pamahalaan o iba pang opisina tulad ng DA-RFO, Provincial/Municipal LGU

4. Audited Financial Statement sa nakalipas na tatlong taon bago ang petsa ng pagpapatupad ng proyekto

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag kay/sa:

Adelina A. Losa

Chief, Agribusiness and Marketing Assistance Division and Regional Agri-Credit Desk Officer (RACDO)

Department of Agriculture

Regional Field Office No. 5

Brgy. San Agustin, Pili, Camarines Sur 4418

(054)-4772122

Email: amad.bicol@gmail.com

Hango sa ginawang brochure ng Agricultural Credit Policy Council

28/F One San Miguel Avenue Building,

One San Miguel Avenue, Ortigas Center,

Pasig City, 1605 Philippines

(02) 634-3320/(02) 634-3321/(02) 634-3326

www.acpc.gov.ph

info@acpc.gov.ph

facebook.com/agricreditpolicycouncil

PRODUCTION LOAN

EASY ACCESS

Mabilis. Madali. Abot-kaya.

Ang **Production Loan Easy Access (PLEA)** Program ay isang programang pautang na naglalayong lutasin ang pinansyal na pangangailangan ng mga maliliit na magsasaka at mangingisda para sa mas mabilis, madali at abot-kayang utang.

Ang programa na **PLEA** ay ipinapatupad ng Agricultural Credit Policy Council (ACPC), katuwang na ahensya ng Kagawaran ng Pagsasaka.

Mga Layunin ng Programa

1. Magbigay ng simple, mabilis na paraan, at abot-kayang pautang sa mga maliliit at mahihirap na mga magsasaka at mangingisda.

2. Pagsabayin at pag-isahin ang pagbibigay ng pautang, suporta, at serbisyo (insurance, suporta sa extension at marketing) sa mga maliliit na mga magsasaka at manginigisda.

Layunin ng Pautang

Matustusan ang gastusin para sa produksyon ng mga pananim, hayop, at manok pati na rin ang mga pangangailangan sa pangingisda.

Karapat-Dapat na Makautang

Mga maliliit na magsasaka at mangingisda na rehistrado sa Registry System for Basic Sectors in Agriculture (RSBSA) at nakaenrol sa Juan Magsasaka't Mangingisda National Database System.

Sinu-sino ang mga Maliliit na Magsasaka?

- Nagmamamay-ari o nagbabayad ng amortization sa hindi hihigit sa tatlong ektarya na lupa; mga nangungupahan o manggagawa sa sakahan.
- Nag-aalaga ng mga hayop na hindi hihigit sa:

-20 matandang hayop at mga hayop na bagong-panganak

-40 bata pang hayop

-10 matandang hayop at 22 bata pang hayop

- Nag-aalaga ng mga manok at hayop na hindi lalagpas sa:

-500 layer o 1,000 broiler

-100 layer at 100 broiler, kung kumbinasyon

-100 pato

Sinu-sino ang mga Maliliit na Mangingisda?

- Tuwiran o hindi tuwirang nakikibahagi sa paghuli, pag-culture or pagproseso ng mga fishery o yamang-tubig
- Nangingisda gamit ang mga kagamitang hindi nangangailangan ng bangka o mga bangka na hindi lalagpas sa tatlong tonelada sa mga municipal waters at mga baybayin
- Mga manggagawa sa komersyal na pangingisda at pagsasakang pangtubig
- Nagbebenta at nagpoproseso ng mga fish at coastal products
- Mga subsistence producers tulad ng mga tagakuha ng shell at mga gumagawa ng produktong mula sa bakawan at mga kaugnay na tagagawa.

Sinu-sino ang mga Magsasaka at Mangingisda na Itinuturing na Nasa Laylayan ng Komunidad

Mga magsasaka at mangingisda na ang kita ay mababa sa poverty threshold batay sa pamantayan ng Pambansang Pangasiwaan sa Kabuhayan at Pagpapaunlad (NEDA).

Karapat-dapat na Conduit o Padaluyan ng Pautang

TYPE 1.

Bangko ng kooperatiba, mga kooperatiba at non-government organizations (NGOs) na accredited o kwalipikado sa anumang programang pautang ng ACPC o kahit anong institusyon tulad ng LANDBANK, AGFP, DBP, at SBGFC.

TYPE 2.

Kooperatiba, organisasyon ng mga magsasaka at mangingisda at non-government organizations (NGOs) na hindi kwalipikado sa bilang Type 1 na conduit ngunit sang-ayon sa mga sumusunod na eligibility criteria:

- Juridical Personality. Rehistrado sa SEC, CDA, DOLE o iba pang ahensya ng gobyerno; inendorso ng isang ahensya ng pamahalaan, LGU o DA Regional Field Office.
- Core Management Team. Binubuo ng manager, treasurer, bookkeeper at ng mga pinuno na may good character references.
- Financial Transaction. Mayroong bank account na nakapangalan sa samahan. Kung wala, maaaring gamitin ang mga kailangang dokumento para sa pre-loan release.
- Paid-Up Capital (Savings). Kontribusyon (cash or kind) at/o ipon mula sa mga miyembro.

Ang mga Type 2 conduits na nakapagpanatili ng magandang track record sa programa sa loob ng isang taon ay maaari nang maging Type 1 conduits.

Kung mapatunayan ng ACPC na hindi-sapat ang kakayahan ng Type 2 conduits sa financial transaction management, ang ahensya ay gagamit ng kwalipikadong "cashiering" institution na may subok nang kakayahan sa operasyong pinansyal at pamamahala ng pondo.